# Ehekutibong Buod: Accessible Service Delivery Standard at Employment Accessibility Standard








BRITISH COLUMBIA

# Pambungad

Ang Provincial Accessibility Committee ay nagdibelop ng mga rekomendasyon para sa draft standards na magtatanggal at mag-iiwas sa mga hadlang na nagrerestrikta sa mga táong may mga kapansanan na patas na lumahok sa workforce at makakuha ng mga serbisyo sa komunidad.

Ang dokumentong ito ay naglalaan ng isang buod ng mga iminumungkahing rekomendasyon ng Provincial Accessibility Committee para sa Accessible Service Delivery Standard at Employment Accessibility Standard. Ang mga rekomendasyon para sa Accessible Service Delivery Standard ay nagbibigay-diin sa pagtugon sa mga hadlang sa kapwa pisikal at virtual environment para matiyak na ang events, mga aktibidad, payo, at proseso kapag bumibili ng mga bagay ay inilalaan sa mga accessible na paraan. Layunin ng mga rekomendasyon para sa Employment Accessibility Standard na tukuyin, tanggalin, at iwasan ang mga hadlang sa hiring, training at retention ng mga empleyado.

Ang mga iminumungkahing standards ay batay sa mga probisyon, batas, at mga regulasyon ng accessibility standards sa ibang mga komunidad, at sa mga kasalukuyang batas at mga regulasyon ng province ng B.C.. Ang bawat iminumungkahing standard ay grinupo sa tatlong pangunahing paksa.

# Accessible Service Delivery Standard

### 1. Mga accessible na organisasyon

Nagmumungkahi ang Provincial Accessibility Committee ng 11 rekomendasyon sa ilalim ng paksang ito. Layunin ng mga rekomendasyon na tiyakin na ang mga organisasyon ay inklusibo at mananagot, at na sila'y pinapalakad sa mga paraang gumagana para sa mga táong may mga kapansanan, at na sila'y nag-aalok ng accommodation kapag ito'y hiningi. Halimbawa, dapat gawin ng mga organisasyon ang sumusunod:

- Libreng maglaan ng anumang accessibility features
- Magbigay ng abiso tungkol sa mga pagbabago o pagtigil ng mga serbisyo
- Tiyakin na ang staff ay trained na magsilbi sa mga táong may mga kapansanan at na suportahan ang kanilang access sa accommodations

## 2. Pagbigay-lakas sa mga táong may mga kapansanan at pagbigay-karangalan sa kanila bilang mga eksperto ng kanilang sariling karanasan

Ang Provincial Accessibility Committee ay nagmumungkahi ng limang rekomendasyon sa ilalim ng paksang ito, na makakatiyak na ang mga táong may mga kapansanan ay may lakas na gumawa ng mga may-kaalamang desisyon tungkol sa kanilang mga sariling buhay. Maaaring itaguyod ng mga organisasyon na sariling ma-a-access ng mga táong may mga kapansanan ang mga serbisyo sa pamamagitan ng:

- Pagtanggal ng mga hadlang sa kapwa pisikal at virtual environments
- Paglaan ng mga alternatibo sa kanilang service delivery model
- Kolaborasyon sa mga táong may mga kapansanan upang lumikha ng mga inklusibong emergency response plans (mga plano ng mga gagawin kung sakaling may emergency)

## 3. Pagtanggal ng mga hadlang na nararanasan ng mga táong may mga kapansanan

Ang Provincial Accessibility Committee ay nagmumungkahi ng apat na rekomendasyon sa ilalim ng paksang ito. Ang mga ito'y nagbibigay-diin sa responsibilidad ng organisasyon na itaguyod ang availability at paggamit ng adaptive tools at mga istratehiya, at mag-alok ng iba't-ibang choices sa mga táong may mga kapansanan tungkol sa kung paano maka-access ng mga serbisyo. Ang support persons, guide at service dogs, at assistive devices ay dapat tanggapin sa lahat ng mga lugar. Ang mga tao ay hindi dapat humarap sa mga hadlang o magbayad ng mga karagdagang fee para gamitin ang adaptations na ito.

# Mga rekomendasyon sa Accessible Employment Standard

### 1. Recruitment and hiring

Ang Provincial Accessibility Committee ay nagmumungkahi ng dalawang rekomendasyon sa ilalim ng paksang ito. Ang layunin ng mga rekomendasyon na ito ay ang matiyak na ang mga tao ay makakagawa ng mga may-kaalamang desisyon tungkol sa kung ang trabaho ay magiging inklusibo at accessible para sa kanila at para mag-apply sa mga trabaho nang walang hinaharap na mga hadlang. Halimbawa, kailangang ipaalam ng mga employer sa mga aplikante kung ano ang accommodations na available sa buong proseso ng recruitment at seleksyon at pati rin sa tungkulin. Ang mga employer ay hindi dapat humingi sa isang aplikante ng katunayan na mayroong kapansanan.

### 2. Accessibility sa trabaho

Ang Provincial Accessibility Committee ay nagmumungkahi ng 12 rekomendasyon sa ilalim ng paksang ito. Sila'y magbibigay-diin sa pagtiyak na ang staff na may mga kapansanan ay makakalahok sa lahat ng mga aspeto ng employment—mula onboarding at training hanggang sa paggawa ng trabaho at pamamahala sa paggawa ng trabaho—nang hindi sila nahihirapan. Kabilang sa mga halimbawa ng paglikha ng accessible workplace ang:

- Pag-alok ng komunikasyon sa iba't-ibang audio/visual formats sa tamang panahon
- Pakikipagtulungan sa staff nang magdibelop ng mga indibidwal na accommodation plans
- Pagtiyak na kasama sa emergency planning ang staff na may mga kapansanan
- Paglaan ng training sa accessible na formats

### 3. Gagawing inklusibo ang organisasyon

Ang Provincial Accessibility Committee ay nagmumungkahi ng limang rekomendasyon sa ilalim ng paksang ito. Layunin ng mga rekomendasyon na ito na siguraduhin na ang mga employer ay nagtatakda ng mga patakarang nagtataguyod sa mga accessible environment at mga gawi at na nagproprotekta sa mga tao mula sa diskriminasyon. Kapag ang mga employer ay proactive na nag-aalok ng mga accommodation, kapag tinatalakay nila ang mga inklusibong patakaran, kapag sila'y nag-aalok ng pantay na suweldo at benefits sa mga táong may mga kapansanan, at kapag sila'y nakikipagtulungan sa mga unyon para matiyak na ang collective agreements ay hindi lumilikha ng mga hadlang, sila'y makakalikha ng isang kultura ng inklusyon at accessibility para sa lahat ng staff.

# Para gawing matagumpay ang pagsasagawa nito

Ang Provincial Accessibility Committee ay humihingi ng input tungkol sa mga uri ng resources na makakatulong sa mga organisasyon na isagawa ang mga iminumungkahing rekomendasyon. Maaaring kabilang dito ang checklists, model policies, training, at iba pang mga suporta.

Ang Provincial Accessibility Committee ay interesado ring marinig kung anong mga elemento ng mga pamantayan ang maaaring gawing mas mabilis at kung alin ang maaaring magtagal. Nalalaman ng Provincial Accessibililty Committee na ang ilan sa mga rekomendasyon na ito ay maaaring hindi naaangkop para sa lahat ng mga organisasyon, kaya't gagamitin nito ang feedback mula sa mga tao at mga organisasyon bilang batayan ng kanyang payo sa pamahalaan hinggil sa scope ng application para sa mga iminumungkahing pamantayan. May iba't-ibang mga paraan para ibigay ang iyong feedback, kabilang na ang pagkompleto ng Accessibility Standards Survey.

BRITISH COLUMBIA